Republic of the Philippines

Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

3

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# MTB-MLE 3

## IKATLONG MARKAHAN-MODYUL 7

**Development & Editorial Team**


| | |
|---|---|
| **Writer:** | Macario D. Pelecia,EPS Filipino SDO - Las Piñas City<br>Maria Lyn M. Mallen<br>Jever E. Sales<br>Crisalez R. Toledo<br>Lea May U. De Leon<br>Aura Eden C. Ilagan<br>Rona O. Sudayan<br>Abejane C. Rico |
| **Management Team:** | Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Joel Torrecampo, SDS SDO - Las Piñas City<br>Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR<br>Juan C. Obierna, ASDS-CID Chief SDO - Las Piñas City<br>Maricar D. Agao, Regional EPS, MTB-MLE-NCR<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR<br>Macario D. Pelecia,EPS Filipino SDO - Las Piñas City<br>Jennifer L. Tubello, LR EPS SDO - Las Piñas City<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Elaine Margarett Baguio, PDO SDO - Las Piñas City<br>Ana S. Monatnes, Librarian, SDO - Las Piñas City |




(This is a Government Property. Not For Sale)

| Aralin 7 | Nakapagbibigay ng iba pang pamagat sa mga akdang pampanitikan o tekstong nagbibigay ng kaalaman. |
|---|---|

## *Inaasahan*



Sa katapusan ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Makapagbigay ng iba pang pamagat sa mga akdang pampanitikan o tekstong nagbibigay kaalaman.

Magandang araw mga bata! Handa na ba kayo sa bagong kaalaman na ating tutuklasin sa modyul na ito? Ngayon ay malalaman natin ang pagbibigay ng iba pang pamagat sa mga akdang pampanitikan o tekstong nagbibigay ng kaalaman.



**(This is a Government Property. Not For Sale)**

## Unang Pagsubok

**Panuto:** Basahin at unawain

**Palatuntunang Multicultural**

Magdaraos ng isang palatuntunang *multicultural* sa buwang ito ang Paaralang Vinzons. Tinatawag itong *multicultural* dahil ang mga bilang ay magpapakita ng kultura ng iba't-ibang pook sa Pilipinas. May mga bilang na awit, sayaw, bigkasan at iba pa. Ang mga itatanghal ay tungkol sa kultura ng mga Ilokano, Bikolano, Boholano, Batangueño, Muslim, Ilonggo, at iba pang naninirahan sa Pilipinas.

**Pag-unawa sa Binasa**

Sagutin:

1. Ano ang pamagat ng talata?______________
2. Ano ang paksa ng pangungusap? ______________
3. Ano ang mga detalye ng pangungusap? ______________
4. Paano sinimulan ang unang pangungusap? ______________
5. Saan ginamit ang malaking letra at tuldok? ______________

## Balik–tanaw

**Panuto**: Pagtapatin ang layunin manunulat sa bawat babasahin. Isulat sa patlang ang letra ng sagot.

___1. Pambatang magasin  A. Nagbibigay impormasyon

___ 2. Mga aklat sa pagkatuto  B. Nanghihikayat

___ 3. Fairy Tale book  C. Nanlilibang



**(This is a Government Property. Not For Sale)**

## *Maikling Pagpapakilala ng Aralin*



Ang Pamagat (title) ng isang akda ay nagpapahayag ng diwa o paksa nito.

Mahalagang tandaan sa pagbibigay ng pamagat, mabuting gawin itong maikli at nakatatawag ng pansin. Ito ay kalimitang humihikayat sa mambabasa naituloy ang pagbabasa sa akda. (http://teacherabiworksheets.blogspot.com/ )

**Panuto**: Basahin ang pangyayari. Bigyan ito ng pamagat.

_______________________________

(Pamagat)

Ugali ni Mang Kulas ang magpaliban ng gawain. Mas gusto pa niyang makipagkuwentuhan kapag wala siyang ginagawa.

Puro pangako lamang siya sa asawang si Aling Rosa sa ipinagagawa nito sa kaniya. Pinatatanggal niya kay Mang Kulas ang naipong tubig-ulan sa mga gulong na nasa bubong ng kanilang bahay. Baka raw pangitlugan ito ng mga lamok na nagdadala ng sakit na dengue. Hindi nagkamali si Aling Rosa. Marami ng kiti-kiti ng lamok sa mga gulong. Nagkasakit pa ang kanilang bunsong anak.



**(This is a Government Property. Not For Sale)**

## Gawain

**I. Panuto:** Basahin ang pangyayari. Bigyan ito ng pamagat.

__________________________

(Pamagat)

Inilunsad ng Kagawaran ng Kalusugan ang Aksiyon Barangay Kontra Dengue o ABaKaDa. May apat na **"*S*"** na dapat sundin sa gawaing ito. Ang unang **S** ay ***Search and Destroy*** o hanapin at sirain ang mga pangitlugang lugar ng mga lamok na dahilan ng dengue. Pangalawang **S** ay ***Self Protection*** o ang pagsasagawa ng mga hakbang sa sariling pangangalaga tulad ng pagsusuot ng damit na may mahahabang manggas at pantalon o paggamit ng mosquito repellent. Pangatlong **S** ay ***Seek Early Cosultation*** o pagpapakunsulta nang maaga para sa maagap na pagsusuri at paggamot ng sakit. Pang-apatna **S** ay ***Say No to Indiscriminate Fogging*** o pag-iwas sa walang tigil na pagpapausok.

**II. Panuto:** Magbigay ng angkop na pamagat sa bawat seleksyon.

1. ________________________________________

Napakahalaga ng bitamina A sa ating katawan. Ito ang tumutulong upang lalong luminaw ang ating mga mata. Ang kakulangan sa bitaminang ito ay maaaring magdulot ng paglabo ng paningin. Ang mga pagkaing mayaman sa bitamina A ay atay (manok o baka) itlog, gatas, keso, mgaluntian at dilawnagulay at prutas.



**(This is a Government Property. Not For Sale)**

2. ______________________________________________

Si Lapu-Lapu ang unang bayaning Pilipino. Noong matuklasan ni Magellan ang Pilipinas, gusto niyang kilalanin ng mga katutubo ang hari ng Espanya. Tinutulan ito ni Lapu-Lapu at naganap ang digmaan sa pagitan ng mga Kastila at katutubo kung saan tinalo ni Lapu-Lapu si Magellan at naging sanhi ng pagkasawi nito sa laban.

3. ______________________________________________

Isa sa mga tradisyon nating mga Pilipino ay ang *pista*. Ang bawat lugar sa ating bansa ay may kapistahang ipinagdiriwang bilang pasasalamat sa kanilang patron. Isa pang kilalang tradisyon natin ay ang bayanihan. Ang bayanihan ay ang pagtutulungan ng mga tao para sa isang gawain. May mga kababayan pa rin tayong sumusunod sa ganitong tradisyon lalo na sa mga lalawigan.

## Tandaan



*Ang pamagat ng teksto ay hango sa paksa nito.*



(This is a Government Property. Not For Sale)

## Pag-alam sa mga Natutuhan

**I. Panuto**: Basahin ang pangyayari. Bigyan ito ng pamagat.

______________________________________

(Pamagat)

Naiinis lagi si Dilis dahil maliit siya. Gusto niya maging tulad nina Tulingan, Bangus, Galunggong, at iba pang isda. Minsan ay nawili sila sa paglalaro sa dagat. Nagulat na lang sila nang may naghagis ng lambat sa kanilang kinaroroonan.

**II. Panuto**: **Salungguhitan ang angkop na pamagat para sa bawat talata.**

1. Isang mapagmahal at mahusay na guro si Ginang Gloria Matutina. Itinuturing niyang parang tunay na anak ang kanyang mga mag-aaral. Matiyaga niyang itinuturo ang mahihirap na aralin. Siya ang pinakamamahal kong guro.
   Parang Tunay na Anak
   Ang Matiyagang Guro
   Ang Pinakamamahal kong Guro

2. Maraming mag-aaral ang apektado ng Corona Virus sa ating bansa. Kaya naman ang pag-aaral nila ay naging *Modular* at *Online Class*.
   Mag-aaral na apektado ng Corona Virus
   Modular at Online class
   Corona Virus

3. Kinahiligan ng mga ginang ng tahanan ang pagtatanim ng mga halamang oramental at halamang gulay. Bilang kanilang



**(This is a Government Property. Not For Sale)**

libangan habang hindi maaring lumabas ng kanilang mga tahanan.

Halamang gulay
Halamang ornamental
Libangan ng mga ginang ng tahanan

## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto**: Pumili ng angkop na pamagat mula sa kahon para sa bawat talata.

| | |
|---|---|
| Bakuna laban sa Virus | *New Normal Education* |
| Kaligtasan at kalusugan | |

1. Sa tuwing lalabas ng bahay, umiwas sa matataong lugar, ugaling magsuot ng mask at maghugas ng kamay upang maging ligtas sa Covid-19.

 ________________________________________

2. Ang pag-aaral sa ngayon ay nakabatay sa *modular*, *online* at *blended*. Maraming mag-aaral ang nawiwili sa pagsagot ng kanilang aralin dahil sa paggamit ng teknolohiya. Tulad ng *cellphone*, *laptop* at *tablet*.

 ________________________________________

3. Kailangan suriin ang mga gamot. Labis ang paghahanda ng Kagawaran ng Pangkalusugan para sa pagdating ng gamot dito sa ating bansa laban sa Corona Virus

 ________________________________________



**(This is a Government Property. Not For Sale)**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
# Grade 3 MTB-MLE

## Sanggunian


Pilipino Star Ngayon
www.google.com
https://clipartlook.com/img-158478.html
Samut-samot.com


## Susi sa Pagwawasto

**Unang Pagsubok**

1. Palatuntunang Multikultural
2. Tinawag itong multikultural dahil ang mga bilang ay magpapakita ng kultura ng iba't-ibang pook sa Pilipinas.
3. Ang mga itatanghal ay tungkol sa kultura ng mga Ilokano, Bikolano, Ilonggo at ipa bang naninirahan sa Pilipinas.

**Balik-Tanaw**

1. C
2. A
3. B

**Maikling Pagpapakilala ng Aralin**

Ugali niMang Kulas.

**Gawain**

I. Inilunsad ng Kagawaran

II.

1. Kahalagahan ng Bitamina A
2. Si Lapulapu at Si Magellan
3. Mga Tradisyon saPilipinas

**Pag-alam sa mga Natutuhan**

I. Ang Isda

II.

1. Ang Pinakamamahal kong Guro
2. *Modulat at Online class*
3. Libangan ng mga ginang ng tahanan

**PangwakasnaPagsusulit**

1. Kaligtasan at kalusugan
2. *New Normal Education*
3. Bakuna laban sa Virus